

Chapter 34 (Part 1)

Chapter 34 (Part 1)

Masakit ang katawan ni Lyzza nang magising siya kinabukasan. Ang nag-iingay niyang cellphone ang humila sa kanya para tuluyan niyang imulat ang mga mata. Wala sa sariling kinapa-kapa niya ang kama para hanapin ang cellphone.

Nang hindi niya mahanap iyon ay itinulak niya ang sarili para bumangon sa kama at hagilapin iyon. Natagpuan niya iyon sa ibabaw ng bedside drawer sa tabi ng pwesto ni Gideon sa kanilang kama.

Nasilaw pa siya sa brightness ng gadget nang buksan niya iyon. Madilim kasi sa buong kwarto dahil nakababa ang blinds sa ceiling to floor window.

“Ma,” groggy ang boses na wika niya nang sagutin ang tawag.

“Anak!” bakas sa boses ng mama niya na tila nakahinga ito nang maluwag nang sagutin niya ang tawag. “Dyosko. Nasaan ka ngayon? Nandyan ka pa rin ba sa bahay ng asawa mo?”

“Opo. Bakit?” Kumunot ang kanyang noo at bumaba ng kama. She was already in Gideon’s shirt again.

“Diyang ka lang. Nandiyan ba ang asawa mo? Huwag kang aalis diyan na hindi kasama ang asawa mo.”

“Ma, bakit? Ano bang nangyayari?”

“May nanloob kaninang madaling-araw sa bahay. Dyosko!” Pumiyok ang mama niya at humaya pa na parang iiyak na.

“Ayos lang ba kayo, Ma?” Napabilis ang paghakbang niya palabas ng kwarto para hanapin si Gideon.

“Oo, Anak. Nasa pulisya kami ngayon. Mabuti na lang, may tumulong sa amin.”

“Saan ‘yan, Ma? Pupuntahan ko po kayo. Si Caius, ayos lang ba siya?”

“Oo, Anak. May sugat sa noo ang kapatid mo at galos lang sa akin. Magpasama kay Gideon, ha?! Baka kung ano rin mangyari sa ‘yo.”

“O-Opo, Ma.” She ended the call and run towards the kitchen. Subalit sa kanyang pagkadismaya, wala roon ang asawa niya. Malinis ang kusina at mukhang walang nagalaw sa mga iyon.

Muli siyang bumalik paakyat sa hagdan at nilagpasan ang master’s bedroom. Pinihit niya ang seradura ng home-office ni Gideon kung saan palagi itong naroroon sa tuwing may inu-uwi itong trabaho. Wala

sa sarili pinagkakatok niya ang pintuan nang matantong naka-lock iyon.

Hindi sumasagot si Gideon nang tawagan niya ito. Where he could be? Wala ito sa penthouse at wala rin ito kina Carollete nang tumawag siya sa babae.

Balisang nagpabalik-balik siya ng paglalakad sa living room habang sinusubukan pa ring tawagan ang kanyang asawa. Wala itong ni isang text message man lang sa kanya na nagsasabi kung saan ito pumunta.

Nag-aalala siya para sa mama niya at para na rin dito. Sa panglabin-limang tawag niya, ay inilapag na niya ang kanyang cellphone sa bedside drawer at kumuha ng tuwalya para mag-ayos. Hindi siya makakampante na ikulong lang ang sarili sa loob ng penthouse. She wants to check her family if they are really okay.

Mabilisan siyang naligo at nagbihis. Supposedly, may flight siya ngayon. Subalit dahil alas-dyes na siya nagising, minabuti na lang niyang huwag pumasok. Kinuha niya ang kanyang sling bag at binuksan ang main door ng penthouse para lamang matigilan nang makita kung sino ang mga nakatayo sa labas niyon.

Lumingon sa kanya ang isang lalaki na may seryosong mukha.

“Saan po kayo pupunta, Ma’am?” tanong nito.

Malalim at seryoso ang boses ng malaking lalaki. 2

“S-Sino kayo?”

“Bodyguards po na ipinadala ni Sir Gideon.” Bahagya pang yumukod ng isa.

There are four men in front of her. Mistula itong mga sundalo habang nakatayo sa harap ng penthouse, nagbantay sa kung ano mang panganib na darating. Lahat malalaki ang katawan, seryoso ang mga mukha at sa unang tingin, ito ang mga tipo ng taong hindi magdadalawang isip na balian ang kung sino mang magtatangka sa binabantayan ng mga ito.

“Bodyguards?” litong gagad niya. “Nasaan si Gideon?”

“Wala kaming ideya, Ma’am. Hindi niya sinabi at tanging utos niya lang ay bantayan kayo.”

Umiling siya at inayos ang pagkakasukbit ng sliding bad sa katawan niya. Isinara niya ang pinto ng penthouse at naglakad paalis. 1

“Saan ka pupunta, Ma’am?” tanong ng isa nang akmang lalampasan niya ito. Iniharang pa nito ang matipunong kamay sa daraanan niya.

“Sa mama ko.”

“Hindi pwede, Ma’am. Mahigpit na ipinagbilin ni Sir

Gideon na hindi ka po namin pwedeng paalisin ng building.”

“Kuya—”

“Emer po, Ma’am,” wika ng lalaking humarang sa kanya. 1

“Kuya Emer, pupuntahan ko lang ang mama ko at kapatid. Emergency ‘to.”

Umiling ang lalaki. “Hindi po talaga pwede. Malilintikan kami kay Sir.”

“Tawagan niyo siya. Baka sumagot sa inyo.” Kinagat niya ang loob ng kanyang pisngi dahil nainip na siya sa mga nangyayari.

Nakita niyang tumango si Kuya Emer sa kasama nitong may pilat sa mukha. Nag-dial ito sa cellphone nito ng ilang beses. Ngunit katulad ng sa kanya ay hindi rin sumagot si Gideon.

“Wala, Ma’am. Pumasok na lang po ulit kayo sa loob.” 2

“Samahan niyo na lang kaya ako.” She stomped her foot like a kid. Kinakabahan na siya para sa mama niya at kay Caius. Hindi pwedeng hindi niya kumustahin ng personal ang kalagayan ng mga ito.

“Hindi talaga pwede, Ma’am. Pasok na lang po ulit kayo sa loob at hintayin niyo na lang po si Sir.”

“Sabi nga kasing emergency ‘to,” kulit niya. “Kasama ko naman kayo, eh.”

Umiling ang lalaki at inilahad ang kamay sa nakasarang pinto ng penthouse. Parang batang inirapan niya si Kuya Emer at bagsak ang mga balikat na muling humarap sa pintuan. Hinawakan niya ang handle ng pinto at natigilan.

Nang makita niyang wala na sa kanya ang atensyon ni Kuya Emer na siyang napwesto sa daan ay binitiwang niya ang seradura at sinipa ang binti ng lalaki bago kumaripas ng takbo.

“Ma’am!” sunod-sunod na mura ang narinig niya kay Kuya Emer pati na rin sa tatlo pang boyguard.

“Ayan na!” tili niya at mas binilisan pa ang takbo sa mahabang hallway ng palapag nila. Tumalon-talon pa siya habang pinagpipindot ang button ng elevator. Hinampas niya iyon nang ang tagal bumukas at tumakbo patungo sa kabilang dulo ng pasilyo kung saan naroroon ang fire exit. 4

Para siyang kabayo sa bilis na binuksan ang pinto at ni-lock iyon para hindi makapasok ang mga bodyguards. 1

Nakita niya ang lalaking may pilat sa mukha na pilit binubuksan ang pintuan. Nagawa pa niyang belatan

ito bago siya muling kumaripas ng takbo pababa ng hagdan.

Mabuti na lang at naka-rubber shoes siya ngayon. Kahit masakit pa ang katawan niya dahil sa panlalamog ni Gideon kagabi ay na-iraos niya pa rin ang hagdan ng dalawang palapag pababa. Humihingal na siya at kumunyapit na sa barandilya ng hagdan.

Pakiramdam niya, mas nalamog pa ang katawan niya sa ginawang pagtakbo pababa ng parang walang katapusang hagdan. Para siyang pusang binuhusan ng mainit na tubig nang mapatalon siya dahil narinig niya ang mabibilis na paparating na yapak na seguradong sa bodyguard niya.

Binitawan niya ang barandilya ng hagdan at hinila ang sarili na humakbang pababa. Subalit, nanghihina na ang kanyang mga tuhod at muntik pa siyang mahulog nang mawalan ng lakas ang kanyang binti. Mabuti na lang at napakunyapit na naman siya sa railing ng hagdan. 2

Para siyang tuko na nakakunyapit roon habang nakatuwad pa at nakataas ang mga paa.

“Ma’am,” boses ng bodyguard niyang nakasuot ng shades kahit wala naman araw. Ito kasi ang nasa unahan ng grupo na humahabol sa kanya.

“K-Kuya...tulong.”

“Ang kulit naman kasi,” bubulong-bulong si Kuya Emer at mabilis siyang nilapitan para tulungan siyang bumaba.

Hingal-kabayo siya at nanlalaki pa ang mga mata nang tuluyan siyang makatapak sa sahig. Napa-upo siya sa sahig at niyakap ang kanyang mga tuhod.

“Balik na po tayo sa taas.”

Umiling siya at lumabi. “Sabi ko naman kasi na pupuntahan ko sina Mama,” habol pa rin ang hininga niyang wika. “Kayo...kayo kaya ang malagay sa sitwasyon ko. Sasamahan niyo naman ako.”

“Hindi po talaga pwede. Malilintikan po—”

“Malilintikan kayo kay Gideon...” gagad niya. “Mas malilintikan kayo roon kapag hindi niyo ako pinayagan. Tatakbo ako ulit at kahit ikulong niyo pa ako sa penthouse,” natigilan siya at kumurap-kurap. ²

“Tara na po,” ani ng bodyguard na walang kilay. Meron naman kaso sobrang nipis lang. Gusto niyang ngumiwi dahil kalbo rin iyon, mukhang galit si ‘Koya’ sa buhok. Nahulaan yata nito na hindi siya sigurado sa sasabihin niya. ²

“Tatalon ako pababa!” bulalas niya, nakalimutan mag

-isip. Anong tatalon? ³

Kapag tumalon siya, hindi rin niya makikita ang mama niya at si Caius. Tapos maiwan si Summer at iiyak ang baby niya. Hindi pwede!